## Ano ang dapat gawin kapag may nagahasa?

1. Payuhan ang biktima na hingin ang tulong ng isang tagapayo (counselor) o therapist na eksperto sa paghawak ng mga kaso ng pangaabusong seksuwal.

2. Tulungan siya na makakuha ng isang ligtas at pansamantalang tirahan kung kinakailangan niyang lumipat ng ibang lugar para sa kadahilanang pangkaligtasan. Maaari siyang itukoy sa isang crisis center o alinmang ahensiyang nagbibigay ng pansamantalang tirahan.

3. Tiyakin na ang ebidensiya ay naingatan at kompleto. Makatutulong ito sakaling ang biktima ay magpasiyang mag-file ng kaso.

4. Kumuha ng Medico-legal certificate mula sa Medico-legal officer. Ang kawalan ng mga pinsala sa katawan ay hindi nangangahulugang walang panggagahasa na nangyari o hindi na makapagsasampa ng kaso.

5. Suportahan ang biktima sakaling magpasiya ito na mag-file ng kaso.

6. Tiyaking nakahanda siya sa lahat ng aspeto. Ipaunawa sa kaniya ang kabuoan ng kaso. Ipaalam sa kaniya na posibleng hindi maging sensitibo/maingat sa kaniyang sitwasyon at karanasan ang mga doktor, pulis, abogado, at mga hukom.

7. Tulungan ang biktima na pumili ng abogadong higit na makauunawa sa kaniya.

8. Makipag-ugnayan sa mga taong ganap na makatutulong sa biktima.

References:


1. The Anti-Rape Law of 1997 and Rape Victim Assistance and Protection Act of 1998, NCRFW.

2. Ang Batas Laban sa Panggagahasa, Isang Praymer, WLB in cooperation with NCRFW and UNFPA, 1998.


## SAAN MAAARING HUMINGI NG TULONG?

### National Bureau of Investigation (NBI)
Anti-Violence Against Women and Children Division
Taft Avenue, Manila
Hotline: (02) 8525-6028

### Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP)
Hotline: 117/911
Women and Children Protection Center
Camp Crame, Quezon City
Main Office: (02) 8532-6690 / 7410-3213 / 7723-0401 local 5260, 5360, 5361
Visayas: 0917-7085157 / (032) 410-8483
Mindanao: 0917-1806037
Aleng Pulis Text Hot-line: 0919-7777377 / 09667255961

### DOJ – Public Attorney's Office (DOJ-PAO)
(02) 8929-9436 local 106, 107 or 159 (Local "0" for operator)
Mobile: 0939-3233665

### UP PGH Women's Desk
Tel. no.: (02) 8524-2990 / 8353-0667 /
8542-1512 / 8554-8400 local 2536

### Department of Health Women and Children Protection Unit (DOH-WCPU)
Call center: (02) 8651-7800 local 5003-5004 / Mobile: 0919-1601418
WCPU Directory: childprotectionnetwork.org/wcpu-directory/

### Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan (DSWD) Ugnayan Pag-asa Crisis Intervention Center
Hotlines: (02) 8734-8639 / (02) 8734-8654 / (02) 8734-8626 to 27

### DSWD Community-Based Services Section (CBSS)
Hotline: (02) 8733-0010 to 18 loc. 116

### Women's Care Center Inc.
St. Scholastica's Archives-Museum, 884 Pablo Ocampo Street, Manila
Mobile: 0920-9677852 / 0917-8250320



Cover Graphics: ALBERTO N. DAUS
First Prize Winner, 2014 18 Day Campaign to End VAW, Poster Making Contest


*Isinalin sa Wikang Filipino sa tulong ng Sangay ng Salin, Komisyon sa Wikang Filipino*


Para sa higit na impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa


**Philipine Commission on Women**
1145 Jose P. Laurel Street, Malacañan Palace Complex
San Miguel, Manila 1005, Philippines

(+632) 8735-1654
records@pcw.gov.ph
https://www.pcw.gov.ph
PCWgovPH


Your feedback matters


© 2022:
Philippine Commission on Women

Complimentary Copy. This publication is not for sale


# Republic Act 8353

## The Anti-Rape Law of 1997 as amended by RA 11648

# Batas Republika 8353

**Batas na nagpapalawig sa depinisyon ng krimen ng panggagahasa (rape), nagbabago ng klasipikasyon nito bilang isang krimen laban sa mga tao (crime against persons)**

Binabago ng Batas Laban sa Panggagahasa 1997 na inenmenda ng Batas Republika 11648 ang depinisyon ng panggagahasa (rape) bilang:

## 1. Isang krimen laban sa mga tao

***Nilalalabag ng panggagahasa ang kagalingan (well-being) ng isang tao at hindi lamang ang pagkabirhen o kadalisayan nito.***

Isinasaalang-alang ng batas na maaaring mabiktima ng panggagahasa ang sinumang tao, biktima man ng prostitusyon, di-birhen o yaong may aktibong buhay na seksuwal.

## 2. Isang pagkakasalang publiko

***Sa pagpapahayag na ang panggagahasa ay isang krimen laban sa mga tao, hindi na ito itinuturing ng batas bilang isang pribadong krimen.***

Sinumang nakaaalam sa krimen ay maaaring mag-file ng kaso sa ngalan ng biktima.

Patuloy ang pag-uusig kahit na hindi ituloy ng biktima ang kaso o patawarin ang nagkasala.



## Ano ang itinuturing na panggagahasa?

*Nagagawa ang panggagahasa:*

***Ng isang tao na nakipagtalik (sexual intercourse) sa isa pang tao sa alinman sa mga sumusunod na sirkumstansiya:***

**A.** Sa pamamagitan ng puwersa, pananakot (threat), o intimidasyon;

**B.** Kapag pinagkaitan ng kakayahang mag-isip o kapag walang malay ang biktima;

**C.** Sa pamamagitan ng mapanlinlang (fraudulent) na makinasyon o malubhang pag-abuso sa kapangyarihan; at

**D.** Kapag ang biktima ay wala pang labing-anim (16) na taong gulang o may diperensiya sa pag-iisip, kahit wala ang alinmang sirkunstansiya sa (A), (B), o (C). Gayunman, walang pananagutang kriminal kung ang pagitan sa edad ng taong wala pang labing-anim na taon at ng kasama nito ay hindi hihigit sa tatlong (3) taon at ang aktong seksuwal ay konsensuwal o may pahintulot ng isa't isa, hindi mapang-abuso, at hindi mapagsamantala. Ang eksepsiyon na ito ay hindi aplikable

***Ng sinuman na, sa ilalim ng alinmang sirkunstansiyang binabanggit sa (A), (B), (C), o (D), ay nakagawa ng seksuwal na pananakit (sexual assault) sa pamamagitan ng pagpasok ng kaniyang ari (penis) sa bunganga ng isang tao o sa butas ng puwit (anal orifice), o sa pamamagitan ng pagpasok ng anumang instrumento o bagay sa ari o butas ng puwit ng isang tao.***

## Sino ang maaring magahasa?

Sinuman ay maaaring maging biktima ng panggagahasa, subalit higit na laganap ito sa kababaihan at mga batang babae.

## Sino ang maaaring makapanggahasa?

Sinumang lalaki o babae ay maaaring managot sa panggagahasa.

Posibleng gahasain ng isang lalaki ang sarili niyang asawa, isang gawaing itinuturing na **"marital rape."** Ang parusa sa panggagahasa sa kabuoan ay maaaring ipataw sa nagkasala ng marital rape.




## Paano pinarurusahan ang krimeng ito?

***Nag-iiba-iba ang parusa depende sa akto ng panggagahasa at sa mga sirkunstansiya nito.***

Ipinapataw ang Reclusion Perpetua ***(pagkakakulong mula 20 hanggang 40 taon)*** sa nagkasala kung ang panggagahasa ay nagawa sa pamamagitan ng pagtatalik (sexual intercourse).

Ipinapataw ang Prision Mayor ***(pagkakakulong mula 6 hanggang 12 taon)*** sa nagkasala kung ang panggagahasa ay naisagawa sa pamamagitan ng oral o anal sex o sa pamamagitan ng paggamit ng anumang bagay o instrumentong ipinasok sa bibig o butas ng puwit (anal orifice) ng babae o ng lalaki.

Maaari rin itong itaas sa Reclusion Temporal ***(pagkakakulong mula 12 hanggang 20 taon)*** o Reclusion Perpetua batay sa mga sirkunstansiya ng pagsasagawa sa krimen.